6

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2:

## Ang Kilusang Propaganda at ang Katipunan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Ang Kilusang Propaganda at ang Katipunan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vie Gee Lou G. Opsima
**Editor:** Carmela M. De Gracia, Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.
**Tagasuri:** Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar
**Tagaguhit:** Roland B. Tarrazona
**Tagalapat:** Jewelyn Q. Cadigal
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma, Josilyn S. Solana, Portia M. Mallorca, Peter J. Galimba, Elena P. Gonzaga, Donald T. Genine, Jerry A. Oquendo, Junry M. Esparar, Mary Helen M. Bocol, Blas P. Tabayag, Jr.

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2:

## Ang Kilusang Propaganda at ang Katipunan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Ang Kilusang Propaganda at ang Katipunan**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Ang Kilusang Propaganda at ang Katipunan**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay Gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Sa pagpasok ng iba't ibang kaisipang liberal sa Pilipinas unti-unti ring namulat ang mga Pilipino sa hindi makatarungang pamamahala at pamamalakad ng mga Español sa bansa. Sa pagkamulat ng mga Pilipino sa pagmamalabis ng mga Español marami sa kanila ang humiling ng mga pagbabago.

Sa modyul na ito iyong pag-aaralan ang dalawa sa mga kilusang itinatag ng mga Pilipino upang makamit ang hinihiling na pagbabago sa lipunan na pinamamahalaan ng mga Español.

May dalawang aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1- Ang layunin at resulta ng pagkakatatag ng Kilusang Propaganda sa paglinang ng nasyonalismong Pilipino
- Aralin 2- Ang Katipunan, mga layunin nito at resulta nito sa paglinang ng nasyonalismong Pilipino.

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

1. natatalakay kung ano ang Kilusang Propaganda at Katipunan;
2. naiisa-isa ang layunin ng pagkakatatag ng Kilusang Propaganda at Katipunan;
3. nasusuri ang mga epekto ng dalawang kilusan sa paglinang ng nasyonalismong Pilipino; at
4. napahahalagahan ang ambag ng mga Pilipino na katulong sa mga kilusang pangkalayaan ng Pilipinas.

## Subukin

Bago tayo magsimula sa ating bagong aralin, subukan mo munang sagutan ang katanungan sa ibaba.

Panuto: Suriin ang sumusunod na pangungusap o pahayag. Isulat ang **Tama** kung wasto ang ipinahahayag at **Mali** kung hindi wasto ang isinasaad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Diariong Tagalog ang opisyal na pahayagan ng Kilusang Propaganda.

2. Ang Kilusang Propaganda ay isang kilusan na naglalayong makamit ang pagbabago sa kalagayan ng bansa sa mapayapang paraan.

3. Si Jose Rizal ay isa sa mga ilustradong lumaban sa mga Español sa panulat na paraan.

4. Ang Kilusang Propaganda ay gumamit ng panulat, papel, at karunungan upang maipakita ang kanilang hinaing sa mga kinauukulan sa mapayapang paraan.

5. Isa sa mga layunin ng Kilusang Propaganda ang pagkakaisa ng Pilipino at Español.

Panuto: Suriin at sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang lihim na kilusan na naglalayong wakasan ang pananakop ng mga Español sa pamamagitan ng puwersa o lakas.
   A. La Liga Filipina
   B. Katipunan
   C. Propaganda
   D. Sekularisasyon

2. Kailan itinatag ang Kilusang Katipunan?
    A. 7 Hulyo1892
    B. 17 Agosto 1896
    C. 7 Hulyo 1982
    D. 7 Hunyo 1892

3. Alin sa sumusunod ang layunin ng Katipunan?
    A. Makamit ang pagbabago sa pamamahala sa bansa sa panulat na paraan
    B. Wakasan ang pananakop ng mga Español sa pamamamgitan ng lakas
    C. Makamit ang kalayaan sa pamamagitan ng eleksiyon
    D. Makiisa ang mga Pilipino sa mga pagbabagong nais ng mga Español

4. Ang Katipunan ay mayroong opisyal na pahayagan. Ano ang tawag sa pahayagang ito?
    A. Diaryong Tagalog
    B. Kalayaan
    C. La Solidaridad
    D. Doctrina Cristiana

5. Ang Katipunan ay tinatawag din na Kilusang KKK. Ano ang kahulugan ng KKK?
    A. Kataas-taasang, Kagalang-galangang, Katipunan ng mga Anak ng Bayan
    B. Kataas-taasang, Kagalang-galangang, Kalipunan ng mga Anak ng Bayan
    C. Kataas-taasang, Kagitingang, Katipunan ng mga Anak ng Bayan
    D. Kabataan, Kasamahan, Katipunan ng mga taong bayan

# Aralin 1 Ang Layunin at Resulta ng Pagkakatatag ng Kilusang Propaganda sa Paglinang ng Nasyonalismong Pilipino

Unang yugto ng pagkilos tungo sa pagbabagong politikal ang paghingi ng reporma sa pamamagitan ng mga panulat. Ginamit ang mga tula, nobela, at sanaysay sa pagtuligsa sa pamahalaang Español. Ang kilusang ito ay pinamunuan ng mga batambatang Pilipino kabilang sa mga ilustrado, binuo nila ang isang pangkat na humiling ng pagbabago sa pamahalaan. Sa modyul na ito pag-aaralan mo ang kilusang propaganda at ang naging papel nito sa pagpukaw ng kamalayang makabayan ng mga Pilipino.

## Balikan

Panuto: Hanapin ang apat na salitang nakatala sa ibaba na ilan sa kaisipang liberal na natutunan ng mga Pilipino.

Ang mga salita ay maaaring nakatala pahalang, patayo, dayagonal, at pabaliktad.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| F | X | I | U | L | I | B | N | Z | G | A | H | I | V | A |
| I | K | H | T | H | Z | D | M | P | O | B | P | Y | X | Z |
| O | S | R | A | P | L | X | R | T | C | A | D | R | L | R |
| M | U | V | G | O | Z | Y | C | D | N | I | W | F | W | E |
| V | A | O | Y | N | X | Q | W | T | R | D | U | X | M | X |
| T | B | J | A | L | O | I | A | Y | A | C | B | K | W | Y |
| W | Y | G | E | M | X | Y | M | P | K | O | M | R | Q | L |
| B | R | C | D | F | P | C | X | H | A | F | D | X | O | A |
| C | P | G | V | A | T | V | K | C | L | C | V | Y | B | E |
| K | E | C | N | L | I | B | E | R | A | L | I | S | M | O |
| J | W | T | S | K | N | U | H | L | Y | J | Z | K | Y | U |
| Z | A | K | Y | U | Y | X | S | X | A | E | Y | V | A | K |
| Y | R | G | A | Q | E | M | K | F | A | K | A | L | H | T |
| Q | S | P | O | M | S | I | L | A | N | O | Y | S | A | N |
| P | L | E | V | J | C | N | M | G | R | G | H | W | C | P |

## *Tuklasin*

Bago ka pumunta sa iyong aralin, suriin mo ang mga pangungusap sa loob ng kahon. Piliin sa sumusunod ang apat sa mga naging mithiin ng mga repormistang Pilipino. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel

A. Matamo ang pantay-pantay na pagtrato sa mga Pilipino at Español sa ilalim ng batas
B. Gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas
C. Maging opisyal na malayang bansa sa pamumuno ng isang Espaňol
D. Paglalagay ng mga paring sekular sa mga parokya
E. Kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag
F. Magkaroon ng pagkakataong tumakbo bilang pangulo ng Pilipinas
G. Maging malaya sa paglabas-pasok sa Espaňa

## *Suriin*

Ang pagpatay sa tatlong pari ang nagsimulang nakaganyak sa mga Pilipino na kumilos para humingi ng reporma. Sa pamumuno ng mga batambatang Pilipinong kabilang sa mga ilustrado, binuo ang isang pangkat na nataguyod nito.

Nadama ng bayan ang pangangailangan ng pagbabago. Nagpatuloy ang kalupitan ng mga Español at katiwalian sa pamahalaang kolonyal. Ito ang nagbunsod sa mga Pilipinong ilustrado sa Espanya upang ilunsad ang Kilusang Propaganda. Malaya silang nakakikilos sa Espanya sa pangangampanya para sa reporma sa kolonya. Nakagawa sila ng matalinong hakbang tungo sa pagtatamo ng kanilang layunin.

Ang Kilusang Propaganda ay isang mapayapang kampanya para sa mga reporma sa pamamagitan ng talumpati at pamamahayag. Pinangungunahan ito nina Jose Rizal, Marcelo H. del Pilar, Graciano Lopez-Jaena, Antonio Luna, Juan Luna, Mariano Ponce, Trinidad.H. Pardo de Tavera, Jose Maria Panganiban, Pedro A. Paterno, at Dominador Gomez. Ilan sa layunin ng kilusan ang sumusunod:

A. Matamo ang pantay-pantay na pagtrato sa mga Pilipino at Español sa ilalim ng batas
B. Gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas
C. Pagkakaroon ng kinatawang Pilipino sa Cortes ng Espanya
D. Paglalagay ng mga paring sekular sa mga parokya
E. Kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag

Kabilang sa mga dayuhang nagtaguyod sa kilusan ay sina Ferdinand Blumentritt, kaibigan ni Rizal at Miguel Morayta, isang politikong Español. Tumulong sila sa paglilimbag ng pahayagang La Solidaridad na itinatag ni Lopez-Jaena. Mga paksang makabayan ang nalathala sa La Solidaridad kaya palihim itong ipinadala sa Pilipinas. Ang mga nakabasa ng pahayagan ay nagkaroon ng kamalayan sa mga naganap sa Pilipinas at nakaunawa sa kahalagahan ng reporma sa bansa.

Nakatulong rin sa paglinang ng nasyonalismong Pilipino ang nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Rizal at ang La Liga Filipina, isang samahang binuo ni Rizal, noong ika-3 ng Hulyo 1892. Ang dalawang nobela ni Rizal ay tumalakay sa iba't ibang kalagayan ng pamumuhay sa kolonya at sa uri ng pamamahala ng mga Español.

Ang La Liga Filipina ay naglalayong:

- Mapagsama-sama ang mga Pilipino
- Maipagsanggalang sila sa mga pang-aabuso at katiwalian ng mga Español
- Magsagawa ng reporma sa bansa
- Mapabuti ang edukasyon, pagsasaka, at kalakalan sa kolonya

Marami ang naakit sumapi sa La Liga Filipina. Ang mga ilustradong kasapi ay nagtaguyod ng pakikipaglaban para sa reporma. Ang iba ay nagbalak ng paghihimagsik.

Sa pagkakatatag ng mga kilusang ito unti-unting naipakita ang pagmamalabis ng mga Español sa kanilang kapangyarihan at nabuksan ang mga mata ng mga Pilipino sa tunay nilang kalagayan.

Hindi man maituturing na tagumpay ang Kilusang Propaganda sa kahilingan nitong pagbabago sa pamahalaan dahil na rin sa kakulangan ng pagkakaisa. Napukaw naman nito ang damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino at nagbigay-daan ito sa pagbubuo ng isang lihim na kapisanang tinawag na Katipunan.

## Pagyamanin

Gamit ang talahanayan sa ibaba, itala ang mithiin o layunin ng Kilusang Propaganda at La Liga Filipina. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Kilusang Propaganda | La Liga Filipina |
|---|---|
| | |

## Isaisip

- Ang Kilusang Propaganda ay isang mapayapang kampanya para sa mga reporma sa pamamagitan ng talumpati at pamamahayag.
- Ilan sa mga kasapi o bumuo nito ay sina Marcelo H. del Pilar, Graciano Lopez Jaena, Juan at Antonio Luna, Feliz Hidalgo, at Dr. Jose Rizal.
- Ang sumusunod ang mga layunin ng samahan:
    a. Matamo ang pantay-pantay na pagtrato sa mga Pilipino at Español sa ilalim ng batas
    b. Gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas

c. Pagkakaroon ng kinatawang Pilipino sa Cortes ng Espanya.

d. Paglalagay ng mga paring sekular sa mga parokya

e. Kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag

- Bagama't hindi naging matagumpay ang Kilusang Propaganda sa pagpapatupad ng mga layunin nito, nagbigay daan naman ito sa pagbuo ng lihim na kapisanang tinawag na Katipunan.

## Isagawa

Panuto: Buuin ang tsart. Ibigay ang hinihinging impormasyon. Isulat ang gawain sa iyong kuwaderno.

| Kilusan | Mga Namuno o miyembro ng Samahan | Mga Layunin Nito |
|---|---|---|
| | 1. | 1. |
| Propaganda | 2. | 2. |
| | 3. | 3. |
| | 4. | 4. |
| | 5. | 5. |

## Tayahin

Panuto: Isulat ang **T** kung ang pahayag ay totoo tungkol sa layunin at pagkakatatag ng Kilusang Propaganda at **W** kung ito'y walang katotohanan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga Ilustrado ay hindi nakatulong sa laban pangkalayaan ng Pilipinas.
2. Nagtagumpay ang mga repormistang makamit ang kanilang layuning maging probinsiya ng Espanya ang Pilipinas sa madaling paraan.
3. Gawing lalawigan ng Espaňa ang Pilipinas ang isa sa layunin ng Kilusang Propaganda.

4. Ang paglabag sa karapatang pantao ay isa sa mga suliranin na nais masolusyunan ng Kilusang Propaganda.
5. Ang La Solidaridad ay ang opisyal na pahayagan ng Kilusang Propaganda.
6. Nagtagumpay ang mga repormista na makamit ang hinihiling na pagbabago.
7. Hiniling ng mga repormista na maging pantay ang mga Pilipino at Español sa ilalim ng batas.
8. Ilan sa mga ginamit na paraan ng mga repormista upang makamit ang pagbabagong hinihiling ay ang pagsususlat ng nobela, tula at mga aklat.
9. Ang La Liga Filipina ay isa sa kilusang naglayong makamit ang pagbabago sa pamamahala ng mga Español.
10. Walang naitulong ang Kilusang Propaganda sa pagsibol ng nasyonalismong Pilipino.

## Karagdagang Gawain

Panuto: Hanapin sa aklat o sa internet ang larawan ng sumusunod na repormista.

1. Jose Rizal
2. Graciano Lopez-Jaena
3. Juan Luna
4. Marcelo H. del Pilar
5. Antonio Luna

**Aralin 2**

# Ang Katipunan, mga Layunin at Resulta nito sa Paglinang ng Nasyonalismong Pilipino

Sa paglipas ng panahon lalong umalab ang pagnanais ng mga Pilipino na makamit ang kalayaang ninanais. Ang mga kilusang nagnais na makamit ang pagbabago sa mapayapang paraan ay hindi naging matagumpay, dahil dito may mga Pilipinong bumuo ng isang kilusan na ang layunin ay makamit ang kalayaan sa pamamagitan ng pakikipagdigma.

Sa modyul na ito ay pag-aaralan mo ang Katipunan, isang samahan na naglalayong wakasan ang pananakop ng mga Español sa pamamagitan ng lakas.



## Balikan

Panuto: Ipares ang mga pahayag sa hanay A sa inilalarawan nito sa hanay B. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. Mga makabayang Pilipino na humingi ng pagbabago sa pamamahala ng mga Español | a. Repormista |
| 2. Kilusang naglalayong magpatupad ng Reporma, itinatag ito ni Jose Rizal | b. Propaganda |
| 3. Babasahin na nagpaparating sa pinunong Español ng mga katiwalian sa Pilipinas. | c. El Filibusterismo |
| 4. Kilusang nangampanya para sa pagbabago ng Sistema ng pamamahala ng mga Español | d. Sekularisasyon |
| 5. Aklat na isinulat ni Rizal tungkol sa nararanasan ng mga Pilipino sa kamay ng mga Español | e. La Solidaridad |
| | f. La Liga Filipina |

## Tuklasin

Bago ka magsimula sa iyong bagong aralin sagutin mo muna ang tanong sa ibaba.

Sino sa mga bayani sa panahon ng himagsikan ang higit mong hinangaan? Bakit?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## Suriin

Dahil sa pagkabigo ng mga kilusang pagbabago ng mga Pilipino marami ang nag-akalang hindi na nila makakamit ang inaasam-asam na kalayaan. Subalit, sa pamumuno ni Andres Bonifacio ay naitatag ang Kataas-taasang, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) o Katipunan noong Hulyo 7, 1892. Si Bonifacio ang kinilalang Supremo ng Katipunan. Ang mga kasapi ng samahang ito ay nagmula sa iba't ibang sektor ng lipunan at tinawag na **katipunero.** Isang lihim na samahan ang Katipunan, kasama ni Bonifacio na nagtatag nito sina Valentin Diaz, Teodoro Plata, Ladislao Diwa, Deodato Arellano, at Jose Dizon sa 72 Kalye Azcarraga na ngayon ay kilala na bilang Claro M. Recto.

Pangunahing layunin ng samahan na wakasan ang pananakop ng mga Español sa pamamagitan ng lakas. Layunin ding pukawin ang damdaming makabansa at tubusin ang lahing Pilipino mula sa pang-aapi ng Espanya at

kalupitan ng simbahan. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng pagkakaisa ng lahat ng Pilipino sa ilalim ng isang matibay na hukbo at paglaban para sa kalayaan sa pamamagitan ng isang rebolusyon.

Si Emilio Jacinto, ang tinaguriang *Utak ng Katipunan*, ang tagapayo ni Andres Bonifacio. Siya rin ang patnugot ng pahayagan ng samahan na *Kalayaan.* Sina Bonifacio at Jacinto ay sumulat ng mga artikulo upang makaakit ng marami pang kasapi. Higit dito layunin ng kanilang panulat na maitanim ang mga mithiin at aral ng Katipunan sa mga kasapi nito. Ang *Kartilya* ang panimulang aklat ng Katipunan. Sinulat ito ni Emilio Jacinto. May 13 artikulo itong inaasahang susundin ng mga Katipunero.

Upang hindi mabisto ang samahan ang mga kasapi ay gumamit ng iba't ibang sagisag upang maproteksiyunan ang mga sarili laban sa mga guwardiya sibil. May tatlong antas na kinabibilangan ang mga Katipunero. Ang una ay ang mga tinatawag na *Bayani* ito ang pinakamataas sa samahan at sila ay gumagamit ng hudyat na Rizal. Ang ikalawa ay ang mga *Kawal na* gumagamit ng hudyat na GomBurZa, at ang ikatlo ay ang mga *Katipon* na gumagamit naman ng hudyat na Anak ng Bayan. Bawat kasapi ay hinihikayat na maghanap ng mga bagong kasapi kung kaya't unti-unting dumami ang mga kasapi ng Katipunan ng hindi namamalayan ng mga guwardiya sibil.

Ang planong pag-aalsa ay napag-alaman ng mga Español habang puspusan ang paghahanda ng mga Katipunero sa darating na rebolusyon. Noong Agosto 19, 1896 sa ganap na ika-6 ng gabi, nabunyag ang lihim na samahan, isiniwalat ni Teodoro Patiño na isang katipunero kay Padre Mariano Gil ang lihim ng Katipunan. Nagawa niya iyon dahil sa payo ng madre at ng kapatid niyang nakatira sa Tahanan ng mga Ulila sa Mandaluyong. Itinuro ni Patiño ang imprenta ng mga Katipunero na nasa tanggapan ng Diario de Manila. Si Pedro Mariano kasama ang mga gwardiya sibil ay sumaakay sa talyer at sa kanilang paghalughog ay natuklasan ang lihim ng Katipunan. Hinuli at ikinulong sa Fort Santiago ang mga pinaghihinalaang Pilipino na kasapi sa Katipunan. Dahil sa pangyayaring ito napilitan ang mga Katipunero na simulan na ang paglaban sa mga mananakop kahit na hindi pa ito handa ng lubusan.

Sa pagsiklab ng digmaan, marami sa mga Pilipino ang sumapi sa Katipunan. Pilit mang sinusupil ng mga Español ang pagsali ng mga Pilipino sa samahan, lalo namang sumiklab ang damdaming makabayan ng mga mamamayan at unti-unti na naisasakatuparan ang mga layunin ng Katipunan.

## Pagyamanin

Panuto: Kunin sa loob ng kahon ang sagot sa sumsunod na pangungusap o pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Andres Bonifacio | Emilio Jacinto | Jose Rizal |
| Teodoro Patiño | Katipunero | Kartilya |

1. Sumulat ng mga alintuntunin ng Katipunan
2. Ang tawag sa mga kasapi ng Katipunan.
3. Pinuno na nag Katas-taasang Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan.
4. Ang katipunerong nagbunyag sa lihim na samahan.
5. Panimulang aklat ng Katipunan kung saan nakatala ang mga alituntuning dapat sundin ng isang Katipunero.

## Isaisip

Nang mabigo ang mga kilusang naglalayong makamit ang pagbabagong nais ng mga Pilipino, ilan sa mga makabayang Pilipino ay nagpulong at itinatag ang Katas-taasang Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Pangunahing layunin nito ang makamit ang kalayaan. Naghahanda ng mga kagamitan ang mga Katipunero para sa paghihimagsik ng natuklasan ang kanilang balak kaya't napaaga ang pagsiklab ng pakikipaglaban. Nagsagawa ang mga Español ng marahas na kampanya laban sa samahan, subalit gaano pa man supilin ng mga Español ang mga Pilipino ay lalo lamang silang naghimagsik at humiling ng kalayaan.

## Isagawa

Panuto: Pagtapat-tapatin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. Andres Bonifacio | a. Anak Bayan |
| 2. bayani | b. Utak ng Katipunan |
| 3. Agosto 19, 1896 | c. isinasagawa ng mga kaanib ng Katipunan |
| 4. Emilio Jacinto | d. Ang tawag sa mga miyembro ng Katipunan |
| 5. Katipunan | e. Ang panimulang aklat ng Katipunan |
| 6. Kartilya | f. tawag sa pinakamataas na pangkat ng Katipunan |
| 7. Katipunero | g. Supremo ng Katipunan |
| 8. Katipon | h. pagkatatag ng Katipunan |
| 9. Hulyo 7, 1892 | i. nadiskubre ang Katipunan sa petsang ito |
| 10. Sanduguan | j. lakas ng mga Pilipino laban sa Amerikano |
| | k. kilusang naglalayong wakasan ang pananakop ng mga Español |

## Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang layunin ng KKK?
   A. mapatanyag sa buong daigdig
   B. makipagkalakalan sa ibang bansa
   C. magkaroon ng Kalayaan mula sa España
   D. humihingi ng pagbabago sa pamahlaang Español

2. Kailan itinatag ang Katipunan?
   A. Hulyo 7, 1892
   B. Hulyo 7, 1982
   C. Hunyo 7, 1892
   D. Hunyo 7, 1982

3. Siya ang itinuring na Ama ng Katipunan.
   A. Emilio Aguinlado
   B. Emilio Jacinto
   C. Andres Bonifacio
   D. Jose Rizal

4. Ang Katipunerong nagbunyag ng lihim na samahan ng Katipunan.
   A. Pedro Paterno
   B. Teodoro Patiño
   C. Mariano Gil
   D. Andres Bonifacio

5. Kailan nadiskubre ang Katipunan?
   A. Agosto 19, 1896
   B. Hunyo 12, 1898
   C. Agosto 19, 1886
   D. Hulyo 4, 1946

6. Paano natuklasan ng mga Español ang lihim ng Katipunan?
   A. Dumalo ang mga Español sa pagtitipon nito
   B. May nagsiwalat sa mga gawain nito
   C. Nag-alsa ang mga myembro nito
   D. Namigay ito ng mga polyetos

7. Bakit napaaga ang pagsiklab ng himagsikan?
   A. Namatay si Jose Rizal
   B. Natuklasan ang lihim ng kilusan
   C. Nagkasundo-sundo ang mga pinuno nito
   D. Nakapaghanda ng Mabuti ang kasapi nito

8. Ano ang ginawa ng mga Español sa mga nahuli nilang Katipunero?
   A. Pinalaya
   B. Ikinulong at pinatay
   C. Ipinadala sa Espaňa
   D. Tinuruan at pinag-aral

9. Bakit hindi naging matagumpay ang paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa mga Español?
   A. Wala itong mahusay na pinuno
   B. Hindi malinaw ang layunin nito
   C. Kulang sa pagkakaisa ang mga Pilipino
   D. Kaunti ang bilang ng mga Pilipino noon

10. Alin sa sumusunod ang hindi layunin ng Katipunan?
   A. Makamit ang Kalayaan ng Pilipinas
   B. Pagkakaisa ng mga mamamayang Pilipino
   C. Pagpapatupad sa mga layunin ng Kilusang Propaganda
   D. Pagtatanggol sa mga mahina at maralitang mamamayan

## *Karagdagang Gawain*

Sagutin mo.

1. Sino-sino ang nangunguna sa pagtatag ng Katipunan?
2. Ano ang layunin ng Kilusang Katipunan?
3. Paano lumaganap ang Katipunan sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas?

## Susi sa Pagwawasto: Aralin 1

**Pagyamanin**

| Kilusang Propaganda | La Liga Filipina |
|---|---|
| 1. Matamo ang pantay-pantay na pagtrato sa mga Pilipino at Español sa ilalim ng batas | 1. Mapagsama-sama ang mga Pilipino |
| 2. Gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas | 2. Maipagsanggalang sila sa mga pang-aabuso at katiwalian ng mga Español |
| 3. Pagkakaroon ng kinatawang Pilipino sa Cortes ng Espanya. | 3. Magsagawa ng reporma sa bansa |
| 4. Paglalagay ng mga paring sekular sa mga parokya | 4. Mapabuti ang edukasyon, pagsasaka at kalakalan sa kolonya |
| 5. Kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag | 5. |

**Tayahin**

1. W
2. W
3. T
4. T
5. T
6. W
7. T
8. T
9. T
10. W

**Balikan**

1. NASYONALISMO
2. KALAYAAN
3. LIBERALISMO
4. PANTAY-PANTAY

**Subukin**

A. 1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali

B. 1. A
2. A
3. B
4. B
5. A

## *Susi sa Pagwawasto: Aralin 2*

**Balikan**

1. A
2. F
3. E
4. B
5. C

**Pagyamanin**

1. Emilio Jacinto
2. Katipunero
3. Andres Bonifacio
4. Teodoro Patiño
5. Kartilya

**Isagawa**

1. G
2. F
3. I
4. B
5. K
6. E
7. D
8. A
9. K
10. C

**Tayahin**

1. C
2. A
3. C
4. B
5. A
6. B
7. B
8. B
9. C
10. C

## *Sanggunian*


Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino, Batayang Aklat sa Ikalimang Baitang* Quezon City: LG&M, 2006, 104-111.

Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino, Batayang Aklat sa Ikalimang Baitang* Quezon City: LG&M, 2006, 112-116.

Eleanor D. Antonio et al. *Makabayan 5 Manila*: Rex Book Store, Inc., 2004, 229-237.

Estelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Malaya, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 100-101.

Marites M. Cruz, Julia T. Gorobat, and Norma C. Avelino. *Yaman ng Pilipinas, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika 6 Makati City:* EdCrisch International, Inc., 2007, 136-139.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph